

Tala: 1

Neonatal Sepsis(includes abstract) Lucey JR; Kassir K; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052520

Abstract: Ang neonatal sepsis ay impeksiyon sa dugo dahil sa bacteria. Nakikita ito sa mga sanggol sa unang buwan ng buhay. Maaari itong maging seryosong kondisyon. Kung hinihinala mong may ganitong kondisyon ang iyong sanggol, makipag-ugnayan kaagad sa iyong doktor.

View English

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Neonatal Sepsis


(Sepsis, Neonatal)

ni: Julie Rackliffe Lucey, MS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang neonatal sepsis ay impeksiyon sa dugo dahil sa bacteria. Nakikita ito sa mga sanggol sa unang buwan ng buhay. Maaari itong maging seryosong kondisyon. Kung hinihinala mong may ganitong kondisyon ang iyong sanggol, makipag-ugnayan kaagad sa iyong doktor.

Pagkalat ng Impeksiyon

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang sanhi ay kaugnay sa pagkakalantad ng sanggol sa bacteria. Ang early onset sepsis na nangyayari sa unang linggo ay mula sa ina (sa pamamagitan ng placenta o dahil sa pagdaan sa birth canal). Ang late onset sepsis na nangyayari pagkatapos ng isang linggo ay mula sa nangangalagang kapaligiran. Naging matagumpay ang mga intrapartum antibiotic sa pagpigil sa early onset sepsis na dulot ng bacteria.

Ilang mga dahilan kaugnay ng iyong pagbubuntis o kalusugan ang nakadaragdag din sa tsansang makuha

ng iyong sanggol ang ganitong kondisyon:

- Mga komplikasyon sa panganganak na humahantong sa traumatic o premature na panganganak
- Pumutok ang panubigan nang higit sa 18 oras bago ang panganganak
- Lagnat o impeksiyon habang ikaw ay nanganganak
- Pangangailangan para sa catheter nang matagalan habang ikaw ay buntis

Mga Nagbibigay Panganib

Pinapataas ng mga sumusunod na salik ang tsansa ng iyong anak na magkaroon ng neonatal sepsis:

- Ipinanganak ang sanggol nang tatlong linggo bago ang nakatakdang panganganak (premature)
- Pag-uumpisa ng paghihirap sa panganganak nang tatlong linggo bago ang iyong nakatakdang panganganak
- Paghihirap ng sanggol bago ipanganak
- Ang sanggol ay may napakababang timbang pagkapanganak
- Ang sanggol ay dumumi bago ipanganak, at ang dumi ng sanggol ay nasa matris
- May mabahong amoy ang amniotic fluid na nakapaligid sa sanggol, o mabaho ang amoy ng sanggol pagkapanganak

Mas mataas ang panganib ng mga lalaking sanggol sa neonatal sepsis kaysa sa mga babaeng sanggol.

Sintomas

Sa karamihang mga kaso, naroon ang mga sintomas sa loob ng 24 oras pagkapanganak. Sa halos lahat ng mga kaso, makikita ang mga ito sa loob ng 48 oras pagkapanganak. Kung ang iyong sanggol ay mayroong alinman sa mga sintomas na ito, huwag ipagpalagay na ito ay dahil sa neonatal sepsis. Maaaring dulot ng iba, hindi kasing-seryosong mga kondisyon ng kalusugan ang mga sintomas na ito. Gayunpaman, kung ang iyong sanggol ay mayroong alinman sa mga ito, makipagkita sa iyong doktor.

- Lagnat o madalas na pagbabago ng temperatura
- Mahinang pagkain mula sa suso o bote
- Nabawasan o walang pag-ihi
- Namamagang tiyan
- Pagsusuka ng mala-dilaw na bagay
- Pagtatae
- Labis na pamumula sa paligid ng pusod
- Mga pantal sa balat
- Hindi maipaliwanag na mataas o mababang asukal sa dugo
- Kahirapan sa paggising sa sanggol o di-karaniwang pagiging antukin
- Jaundiced o sobrang maputlang balat
- Di-normal na mabagal o mabilis na tibok ng puso
- Mabilis na paghinga, kahirapan sa paghinga, o mga panahong walang paghinga (apnea)
- Pagpapasa o pagdurugo
- Pangingisay
- Malamig, mamasa-masang balat

Pagsuri

Magtatanong ang iyong doktor tungkol sa mga sintomas ng iyong sanggol at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal.

Maaaring kasama sa mga pagsusuri ang mga sumusunod:

- Complete blood count
- Mga culture ng:
 - Dugo
 - Ihi
 - Cerebrospinal fluid

- Mga sugat sa balat
- Mga x-ray ng dibdib o tiyan

Paggamot

Kausapin ang iyong doktor tungkol sa pinakamabuting plano ng paggamot para sa iyong sanggol. Depende ang paggamot sa kung ano ang sanhi ng kondisyon. Maaaring magtagal ang paggamot nang 2-21 araw. Sa kalahatan, naospital ang mga neonate na hinihinalang may sepsis nang di-kukulangin sa dalawang araw upang hintayin ang mga resulta ng culture.

Ang mukhang malusog na sanggol ay maaaring subaybayan nang walang mga antibiotic. Ang sanggol ay pinapauwi kapag negatibo ang mga culture. Ang napatunayan-ng-culture na sepsis ay ginagamot nang 7-21 araw, depende sa kinaroroonan ng impeksiyon.

Kasama sa mga pagpipilian ng paggamot ang:

Mga antibiotic

Maaaring kailangang ibigay ang gamot na antibiotic sa pamamagitan ng pag-iniksiyon sa ugat (IV).

Intravenous Fluids

Maaaring kailanganin ng sanggol ang tumanggap ng mga likido, glucose, at mga electrolyte sa pamamagitan ng IV.

Oxygen

Maaaring kailanganing bigyan ang sanggol ng oxygen o matulungan sa kanyang paghinga.

Pag-iwas

Upang mabawasan ang tsansa ng iyong sanggol na magkaroon ng neonatal sepsis, maaaring gawin ng iyong doktor ang mga sumusunod na hakbang:

- Kung nanganak ka na ng batang may neonatal sepsis noon, maaaring bigyan ka ng iyong doktor ng mga antibiotic kapag malapit na ang iyong nakatakdang panganganak. Papatayin nito ang mga mapanganib na bacteria sa birth canal bago mailantad ang sanggol dito.
- Maaaring suriin ka ng iyong doktor para sa bacteria bago ang iyong nakatakdang panganganak at bigyan ka ng mga antibiotic upang tanggalin ito kung kinakailangan.
- Nakakatulong rin ang pagpapasuso upang maiwasan ang sepsis sa ilang mga sanggol.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Número ng Item: 2010052520